

# **DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022, Bukás na para sa nominasyon!**

## **DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022**

Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

1. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.

2. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.

3. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang prweba).

4. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulá sa labas ng KWF.

5. Pára sa **onlayn na nominasyon**, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: **<https://forms.gle/a7BV2Yxw8FxJSMn8A>** (1)KWF Pormularyo ng Nominasyon; (2) Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan

ng nagnomina; (3) Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at (4) Mga pruwera sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.

6. Pára sa **nominasyon na ipadadala sa koreo**, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 5 at ipadalá sa:

**Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2022**

Komisyon sa Wikang Filipino

2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel

San Miguel, Maynila

7. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa **27 HUNYO 2022**, 5nh.

8. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2022 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa 29 Agosto 2022.

9. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa [timpalak.gawad@kwf.gov.ph](mailto:timpalak.gawad@kwf.gov.ph).